

Panahon na puwedeng magmaneho sa loob ng Japan gamit ang Foreign Driver's License

Ang Driver's License na galing sa bansa/region kung saan ang standard ng driving license system ay itinuturing na parehas sa Japan (gagamitin ang salitang "Foreign Driver's License" mula rito) ay puwedeng gamitin sa pagmamaneho ng sasakyan at iba pa ng isang taon mula sa araw ng pagpasok o pagbalik sa Japan (gagamitin ang salitang "pagpasok sa Japan" mula rito) kung may kasamang Japanese translation. Ang panahon na puwedeng magmaneho ay isang taon mula sa pagpasok sa Japan at sa loob ng panahon na may bisa ang Foreign Driver's License na ito.

Kung ang isang taong nakarehistro sa Basic Resident Register (halimbawa'y Japanese, Taga-ibang bansa kagaya ng mid-to-long term resident at ipa pa) na nakakuha ng confirmation ng paglabas ng Japan o permiso ng muling pagpasok sa Japan, at lumabas ng Japan, at muling pumasok(bumalik) sa Japan bago umabot sa tatlong buwan ang kanyang pagtira sa ibang bansa, hindi puwedeng magmaneho sa Japan gamit ang Foreign Driver's License dahil ang araw ng pagbalik sa Japan ay hindi ibibilang na araw ng simula ng panahon na puwedeng magmaneho (dahil sa tinatawag na "3-month rule").

Ang mga bansa/region na may sistema ng driving license kapareho ng standard ng Japan

- the Swiss Confederation
- the French Republic
- the Kingdom of Belgium
- the Principality of Monaco
- the Federal Republic of Germany
- Taiwan(the Republic of China)


(Ang mga nakasulat sa itaas na bansa/region ay anim lamang.)

mula sa araw ng 01.06.2022

Japanese translation

Galing sa Embahada, konsulado o ibang institusyon ng bansang nag-isyu, o Japan Automobile Federation(JAF)

1 Kung (ang isang taong nakarehistro sa Basic Resident Register ay) muling pumasok(bumalik) sa Japan bago umabot sa tatlong buwan ang pagtira sa ibang bansa



2 Kung (ang isang taong nakarehistro sa Basic Resident Register ay) muling pumasok(bumalik) sa Japan pagkalipas ng tatlong buwan o higit pa

